



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 106 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO
19, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

WALA

KAPASYAHAN BLG. 558
Taong 2024

KAPASYAHANG HUMIHILING SA PHILIPPINE CHARITY
SWEEPSTAKES OFFICE (PCSO) NA MABIGYAN NG ISANG
AMBULANSYA ANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL
MINDORO

SAPAGKAT, ang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro ay nangangailangan ng karagdagang ambulansya upang mas mapabuti ang serbisyong pangkalusugan at mabilis na pagtugon sa mga pangangailangang medikal ng mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng karagdagang ambulansya ay magpapalakas sa kapasidad ng lokal na pamahalaan na magbigay ng agarang lunas at transportasyon sa mga pasyenteng nangangailangan ng agarang atensiyong medikal, lalo na sa mga malalayong barangay;

SAPAGKAT, ang Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) ay kilalang tumutulong sa iba't ibang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ambulansya at iba pang mga serbisyong pangkalusugan;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na humiling sa Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) na mabigyan ng isang ambulansya ang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro upang magamit sa pagpapabuti ng serbisyong pangkalusugan at pangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan;



JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA


IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) para sa kanilang kaukulang aksyon.

Pinagtibay: 19 Agosto 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DINAPILIS
Tagapangulo

08/20/2024

